International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 4 Issue 2 | 2023

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 150- 173

# LANGUAGE CONVERGENCE, LANGUAGE IDENTIFICATION, AND LANGUAGE PROFICIENCY OF FIRST YEAR COLLEGE STUDENTS IN REGION 6

**SHARON CONCEPCION MASULA**
Filamer Christian University
masula548@gmail.com

Abstract

The focus of this study was on the levels of language convergence, identification and proficiency of the first year college students in region 6 for Academic Year 2022-2023. The design was mixed method using Quantitative Survey Correlational and Qualitative FGD to discover the levels in language convergence, language identification, and language proficiency. The respondents of the study were composed of seven thousand (7,000) students but only took four hundred (400) sample of students. The researcher used the quota random sampling technique and got eight (8) samples from the universities in region 6. The data were marked accordingly by rubrics. Synonyms, recall words and translation are the tools used for the study. As to the findings, the level of language convergence was “high” because the students are familiar with their mother tongue; while the level on language identification was “Very High” due to the fact that their cultures, languages and demographic locations are very close and is almost the same, although there are differences in spelling and sound of words; and a “high” result for language proficiency, this indicates that respondents has different levels of competence or considered as homogeneous groups. For the inferential results: the analysis of variance conducted on language proficiency between different levels of language exposure indicates "no significant relationship.", this is because the languages that meet in this study, although in essence, are all part of a single language family that unites the region as a linguistic group. Overall, there is "no significant relationship" between levels of language identity; and there is a "significant relationship" between levels of language exposure, language identity, and language proficiency. Lastly , there was "no significant predictor" of language proficiency in the language exposure and language identity among first-year college students in Region 6. It is proposed to continue the recognition of regional languages through participation in discussions, seminars, forums and other linguistic activities involving the regional language. Introduce and use the language to keep it alive and appreciate at all times.

**Key Words: language convergence, language identification, language proficiency**

International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 4 Issue 2 | 2023
ISSN: 2799 - 1091
Page No. 150- 173

# PAGTATAGPO NG WIKA, PAGKAKAKILANLAN NG WIKA, AT KAKAYAHAN SA WIKA NG MGA MAG-AARAL SA KOLEHIYO NG REHIYON 6

**SHARON CONCEPCION MASULA**
Filamer Christian University
masula548@gmail.com

Abstrak

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa mga antas ng pagtatagpo ng wika, pagkakakilanlan ng wika, at kakayahan sa wika ng mga mag-aaral sa unang taon ng kolehiyo sa rehiyon 6 para sa Taong Akademiko 2022-2023. Ang disenyo ng pag-aaral ay mixed method na ginamitan ng Kwantitatibong Survey Correlational at Kwalitatibong FGD upang alamin ang mga antas sa pagtatagpo ng wika, pagkakakilanlan ng wika, at kakayahan sa wika. Ang mga kalahok ng pag-aaral ay binuo ng pitong libong (7,000) mag-aaral ngunit kumuha lamang ng apat na raan (400) na sampol ng mga mag-aaral. Gumamit ang mananaliksik ng quota random sampling technique at kumuha ng tigwa-walong (8) sampol mula sa mga unibersidad sa rehiyon 6. Ang mga datos ay binigyan ng marka ayon sa mga rubrik. Ang mga ginamit para makuha ang resulta ng pag-aaral ay ang mga sinonim, mga salitang pagkakakilanlan, at pagsasalin ng talata. Natuklasan sa pag-aaral na ang antas ng pagtatagpo ng wika ay "mataas" dahil pamilyar ang mga mag-aaral sa kanilang sariling wika; samantalang ang antas ng pagkakakilanlan ng wika ay "Napakataas" dahil ang kanilang mga kultura, wika, at lokasyon ng populasyon ay napakalapit at halos pareho, bagaman may mga pagkakaiba sa pagbaybay at tunog ng mga salita; at "mataas" na resulta para sa kakayahan sa wika, na nangangahulugang may iba't ibang antas ng kakayahan ang mga kalahok o itinuturing na homogeneous na grupo. Para sa resulta ng inferensya: ang pagsusuri ng pagkakaiba sa kakayahan sa wika sa pagitan ng iba't ibang antas ng pagkakalantad sa wika ay nagpapakita ng "walang makabuluhang ugnayan," dahil ang mga wika na pinag-aaralan sa kabila ng pagkakataon ay bahagi ng iisang pamilya ng wika na nag-uugnay sa rehiyon bilang isang pangkat ng mga wika. Sa pangkalahatan, “walang makabuluhang kaugnayan" sa pagitan ng antas ng pagkakakilanlan ng wika; at “may makabuluhang kaugnayan" sa pagitan ng antas ng pagtatagpo ng wika, pagkakakilanlan ng wika, at kakayahan sa wika. Sa huli, “walang makabuluhang pediktor" ng kakayahan sa wika sa pagtatagpo ng wika at pagkakakilanlan ng wika sa mga mag-aaral sa unang taon ng kolehiyo sa Rehiyon 6. Bilang isang rehiyon na may malawak na pagkakaiba-iba sa wika, ang pag-unawa at pagpapahalaga sa iba't ibang wika at diyalekto ay mahalaga upang mapanatili ang kultural na kaugnayan at mapalaganap ang pagkakaisa.

**Susing Salita: Pagtatagpo ng Wika, Pagkakakilanlan ng Wika, Kakayahan sa Wika**

## Introduksiyon

Ang pagtatagpo ng wika ay isang mahalagang bahagi ng komunikasyon at interaksiyon tungo sa iba't ibang kultura at rehiyon. Sa rehiyon 6 ng bansang Pilipinas ay matatagpuan ang mga lalawigan ng Aklan, Antique, Capiz, Guimaras, Iloilo, at Negros Occidental. Iba't iba ang wika at diyalektong ginagamit dito.

Ang pagkakakilanlan ng wika sa rehiyon na ito ay nagpapakita ng malawak na pagkakaiba. Ang mga pangunahing wika na ginagamit sa rehiyon ay Hiligaynon (Ilonggo) at Kinaray-a. Ang Hiligaynon ay ang pangunahing wika na ginagamit sa Iloilo, Negros Occidental, at Capiz, samantalang ang Kinaray-a naman ay pangunahing wika sa Antique at ilang mga bahagi ng Capiz. Namumukod tangi rin ang Aklanon ng mga taga-Aklan sapagkat kakaiba ang kanilang patinig. Bukod dito, may iba't ibang diyalekto rin na ginagamit ang mga katutubo sa rehiyon.

Ang mga mag-aaral sa rehiyon 6 ay may kakayahan sa wika na nakaangkla sa kanilang katutubong wika, kultura, demograpikong lokasyon at diyalekto. Ang kakayahan nila ay mahalaga sa pag-aaral at pang-araw-araw na pamumuhay. Ito ay nagbibigay-daan sa pakikipag-ugnayan nila sa kanilang guro, kamag-aral, pag-unawa sa mga aralin, pagsasanay, pagsasagawa ng mga proyekto at mga gawain. Ito rin ay kasangkapan sa pag-unlad ng kaalaman at kasanayan sa iba't ibang larang ng karunungan.

Bilang isang rehiyon na may pagkakaiba-iba sa wika, marapat na pahalagahan at panatilihin ito upang mapalaganap ang kultural na kaugnayan at pagkakaisa.

## Paglalahad ng Suliranin

Nilayon ng pag-aaral na ito ang pagtukoy sa antas ng pagtatagpo ng wika, pagkakakilanlan ng wika at kakayahan sa wika ng mga mag-aaral sa kolehiyo ng Rehiyon 6 sa Taong Panuruan 2022-2023.

Sinagot sa pag-aaral na ito ang mga sumusunod na layunin:

1. Ano ang antas sa pagtatagpo ng wika ng mga mag-aaral sa kolehiyo ng Rehiyon 6?
2. Ano ang antas sa pagkakakilanlan ng wika ng mga mag-aaral sa kolehiyo ng Rehiyon 6?
3. Ano ang antas sa kakayahan sa wika ng mga mag-aaral sa kolehiyo ng Rehiyon 6?
4. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa kakayahan sa wika sa pagitan ng mga antas ng pagtatagpo ng wika ng mga mag-aaral sa kolehiyo ng Rehiyon 6?
5. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa kakayahan sa wika sa pagitan nga mga antas ng pagkakakakilanlan ng wika ng mga mag-aaral sa kolehiyo ng Rehiyon 6?

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 150- 173

6. Mayroon bang makabuluhang ugnayan ang pagtatagpo, pagkakakilanlan at kakayahan sa wika ng mga mag-aaral sa kolehiyo ng Rehiyon 6?

**7.** Mayroon bang makabuluhang prediktor ang kakayahan sa wika sa pagtatagpo ng wika at pagkakakilanlan ng wika ng mga mag-aaral sa kolehiyo sa Rehiyon 6?

## Metodo

### Mga Kalahok sa Pag-aaral

Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay binuo ng pitong libong (7,000) mga mag-aaral mula sa unang taon ng kolehiyo sa iba't ibang unibersidad ng rehiyon 6 sa Taong Panuruan 2022-2023. Ngunit ang mananaliksik ay kumuha lamang ng apat na raang (400) mga kalahok, dalawang daan (200) sa mga ito ay binuo ng kalalakihan at ang dalawang daan (200) naman ay binuo ng kababaihan, pagkatapos ay pumili ng tigwawalong (8) kalahok mula rito. Ipinasailalim ito sa content faced validity sa tulong ng dalawang (2) Doktor sa Filipino at nagsagawa ng paylot testing sa tatlumpong (30) mag-aaral na hindi kasali sa pag-aaral.

### Pangangalap ng Datos

Ang mananaliksik  ay naglaan nang sapat na panahon, bumuo ng tiyak at angkop na talatanungan sa pagtatagpo ng wika, pagkakakilanlan ng wika at kakayahan sa wika ng mga mag-aaral sa Unang Taon ng Kolehiyo sa rehiyon 6. Humingi ng pahintulot sa tanggapan ng pangulo at pinuno ng bawat unibersidad sa pamamagitan ng pagpapadala ng liham-pahintulot. Tinukoy ang mga kalahok sa tulong ng mga Instraktor, humingi ng pahintulot sa mga magulang ng mga mag-aaral. Ipinaliwanag nang mabuti ang panuto sa pagsagot ng talatanungan sa pamamagitan ng face to face, google form, email, at messenger. Binigyan naman nang sapat na oras ang mga kalahok upang matapos ang pagtugon. Sinunod din ng mananaliksik ang safety health protocols. Nakuha ng mananaliksik ang mga talatanungan sa pamamagitan ng personal na pagsadya sa mga unibersidad at sa pamamagitan din ng google form na sinagutan ng nasa malalayong probinsiya ng Rehiyon 6. Ang mga naipong datos ay inalisa at sinuri ng mananaliksik sa tulong ng Statistician upang mabigyan ng angkop at tamang pagpapakahulugan.

### Paglalahad at Interpretasyon

Ang kabanatang ito ay nahahati sa dalawang bahagi: (1)Palarawang Pagsusuri ng mga Datos at (2) Inferensyal na Paglalahad ng Datos.

Ang unang bahagi, Palarawang Pagsusuri ng mga Datos, naglahad ito ng mga kalikasan at katangian ng mga natuklasang mga datos sa pananaliksik na ito. Ang ikalawang bahagi, Inferensyal na Pagsusuri ng mga Datos, naglahad ito ng mga natuklasang mga datos sa pananaliksik gamit ang mga sumusunod na kagamitang pang-istadistika sa computer processed statistics katulad ng pagsusuri ng datos.

*Palarawang Pagsusuri ng mga Datos*

*Pagtatagpo ng Wika ng mga Mag-aaral*
*sa Unang Taon sa Kolehiyo sa Rehiyon 6*

Ang datos sa Talahanayan 1 ay nagpapakita na ang antas sa pagtatagpo ng wika ng mga mag-aaral sa Unang Taon sa Kolehiyo ng Rehiyon 6 ay “mataas” na may ( M=22.73, SD=8.99).

Talahanayan 1

Mean at Standard Deviation ng Pagtatagpo ng Wika

| Baryabol | Mean | Deskripsiyon | SD |
|---|---|---|---|
| Pagtatagpo ng Wika | 2273 | Mataas | 8.99 |

| *Iskala* | *Deskripsiyon* |
|---|---|
| 24.01-30.00 | Napakataas |
| 18.01.24.00 | Mataas |
| 12.01-18.00 | Katamtaman |
| 16.01-12.00 | Mababa |
| 0.00- 6.00 | Napakababa |

Nangangahulugan ito na “mataas” ang resulta ng pagtatagpo ng wika ng mga mag-aaral sa unang taon sa kolehiyo ng rehiyon 6. Bagkus, ang kasaysayan, kultura at panitikan ng bawat lalawigan ay mayroong malaking impluwensiyang naidudulot sa wika, nagkakaiba man sa baybay, bigkas at tono ay malamang na dahilan ito ng palagiang paggamit ng mga salitang kaparehas, nauunawaan ang salitang malalim, katunog ito ng mga salitang ginagamit, pagkakalapit ng mga lugar, at sa tulong ng kulturang kinagisnan kaya mabilis nilang nabatid ang kasingkahulugan ng mga salita. Maliban sa probinsiya ng Antique at Aklan na medyo kakaiba ang patinig, kahulugan, baybay ng salita at tunog ng mga salita. Ang mananaliksik ay naniniwala na mas madaragdagan ang lubusang kaalaman kung magkakaroon ng pag-aaral o sesyon sa pagtatagpo ng wika at patuloy na gagamitin sa pagpapahayag ng kaisipan, idea, at damdamin upang maging pamilyar at hindi malito ang mambabasa o tagapakinig.

Alinsunod sa idea at karanasan ng mga tagatalakay sa Focus Group Discussion ay nananalig sila na magiging mataas ang resulta.

> Tagatalakay 2: Ang pagtatagpo ng wika ay isang sitwasyon na bagamat nasa iisang rehiyon lamang ay magkakaiba ang wikang sakop. Ang lalawigan ng Aklan ay gumagamit ng “eon”, samantalang sa Capiz ay “lon”, ang Antique ay “ron” kasabay ng matigas na pagkakabigkas nito. Bawat wika ay nagkakaiba sa pagbabaybay, pagbigkas at maging sa tono ng mga ito. Ang kasaysayan, kultura at panitikan ng bawat lalawigan ay mayroong malaking impluwensiyang naidudulot sa wika. Subalit sa pagkakaiba ng mga patinig na ito kapag nagkatagpo ay natatandaan nila ang mga salita at nauunawaan ang kahulugan at nagagamit ayon sa sitwasyon…

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 150- 173

> Tagatalakay 4: Ang pagtatagpo ng wika ay tumutukoy sa mga sitwasyon kung saan nagkakaroon ng pag-uugnayan ang mga taong may iba't ibang wika. Ito ay maaaring mangyari sa paaralan, komunidad,o anumang kapaligiran kung saan may pagpapalitan ng mga mensahe sa pamamagitan ng iba't ibang wika…

Pinatunayan ito sa teoryang Akomodasyon ni Giles na mababasa rin sa pag-aaral ni Augusto, Jr. (2019) na ang bawat indibidual o grupo ay gumagawa ng mga kaparaanan upang iangkop ang kanilang wika sa pakikipag-usap upang makasabay sa iba. Nagpapatunay na kahit magkakaiba man ang lalawigan, magkaiba man ang pagbaybay ng mga salita at tunog nito ay maaaring magkaunawaan sapagkat ang wika at lipunan ay magkabuhol o may malaking ugnayan.

Sumang-ayon din ang isinagawang pag-aaral ni Rosero (2021), sa kadahilanang ang lugar ng Masbate ay nasa sentro ng iba’t ibang wika at kultura ang mga naninirahan sa kabisera ng lalawigan ay gumagamit ng katutubong Masbateño at nahahaluan ng diyalektong Bikolano samantalang ang mga naninirahan naman sa ibang bahagi ay may halong Waray, Boholano, Cebuano, Hiligaynon at Capiznon. Natuklasan sa pag-aaral na malaki ang pagkakatulad ng mga wikang Sorsoganon at Wikang Masbateño sapagkat ito ay bunga ng migrasyon at pagtatagpo ng mga wikang ito. Samakatuwid, ito ay bunga ng paghahalo-halo o pagkakatagpo ng dalawang wika at pagsasama ng kani-kanilang kultura.

Taliwas naman ito sa pag-aaral nina Taduran, et. al. (2022) na ang mga wikang kasangkot sa pagtatagpo ng mga ito sa iisang lugar at sitwasyon ay ikinukumpara nila ang isang lenggwahe sa isa pang lenggwahe. Ipinaalam ng mananaliksik sa pag-aaral nilang ito na mas nais na gamitin ng mga kalahok ang wikang Tagalog kaysa sa wikang Bikol o katutubo, sa halip na gamitin ito upang maipakilala at maitagpo sa ibang wikang kasangkot sa pakikipagkomunikasyon. Ganunpaman ay patuloy ang pagpapahalaga ng mga kalahok sa wikang katutubo. Makikita sa resulta na malaki ang epektong nagaganap kapag nagkakaunawaan ang bawat mag-aaral sa pagtatagpo ng kani-kanilang wika sa anomang sitwasyon sapagkat mas napabibilis ang daloy ng komunikasyon kaysa sa pag-iwas o hindi paggamit ng mga salitang katutubo nila.

*Pagkakakilanlan ng Wika ng mga Mag-aaral*
*Sa Unang Taon sa Kolehiyo ng Rehiyon 6*

Ang datos sa talahanayan 2 ay nagpapakita na ang pagkakilala ng mga mag-aaral sa Unang Taon sa kolehiyo ng rehiyon 6 ay “napakataas” na may (M=41.85, SD=6.083).

Talahanayan 2

Mean Standard Deviation sa Pagkakakilanlan ng Wika ng mga Mag-aaral

| Baryabol | Mean | Deskripsyon | SD |
|---|---|---|---|
| Pagkakakilanlan ng Wika | 41.85 | Napakataas | 6.083 |

| *Iskala* | *Deskripsiyon* |
|---|---|
| 40.01-50.00 | Napakataas |
| 30.01-40.00 | Mataas |

| | |
|---|---|
| 20.01-30.00 | Katamtaman |
| 10.01-20.00 | Mababa |
| 0.00-10.00 | Napakababa |

Nangangahulugan ito na napakataas ang pagkilala sa wika ng mga mag-aaral sa rehiyon 6. Nakikilala kaagad ang kahulugan mula sa talatanungan, marahil ay sa gamit na katinig, tunog, kaparehas na baybay at tono ng pagkakasabi, karanasang pananaliksik, karanasan sa pakikipag-usap sa kapuwa, pamamasyal sa iba't ibang rehiyon na hindi lamang nagtuturo ng kasikatan ng lugar kundi nagtuturo rin ng wika. Tungo rito ay lumalawak ang diyalekto o wika ng mga mag-aaral.

Matutunghayan ang resulta mula sa idea, pananaw at karanasan ng mga tagatalakay sa Focus Group Discussion. Naniniwala sila na sa pagkilala ng wika ng mga mag-aaral sa Unang taon ng Kolehiyo sa rehiyon 6 ay "napakataas" ang resulta.

> Tagatalakay 1: Makikilala ang pagkakaiba ng mga wikaing ito sa rehiyon 6 sa pamamaraan ng pagsasalita,tono at pagbaybay. Katulad ng wika ng mga taga-Antique na tinatawag na kinaray-a o karay-a, kapag sila ay nagsasalita ay medyo matigas itong bigkasin at kilala sa gamit nilang letrang "r". Katulad nalang sa terminong Hiligaynon na "aguy", na kapag ito ay sinabi na sa wikang Kinaray-a ay magiging "agiy". Samantalang sa Aklan naman ay ginagamit ang mga alpabetong "ea,ei,eo,eu". Halimbawa nito ay ang sikat na sikat nilang kataga na, "Ro anwang nagaeugaeog sa eugan-eugan. Kung Ilonggo naman ay makikilala mo kaagad sa malambing nilang himig at tono ng pananalita.

> Tagatalakay 2: Makikilala ang mga wika sa ibat ibang probinsya sa dalawang paraan, unang-una, sa karanasan at ang pangalawa ay sa pananaliksik. Sa pagpunta ko sa mga ibang pasyalan sa rehiyon natin ay lumawak ang aking kaalaman hinggil sa mga dayalekto at naunawaan ang sinasambit nila sapagkat konektado pa rin ang mga wika sa isa't isa, isang halimbawa ay ang kultura ng pagdiriwang ng Ati-Atihan, Dinagyang at iba pa. Ang wika ng halos lahat ay magkakahawig at may kaugnayan sa kultura. Mula sa ating karanasan ay makagagawa ng pananaliksik upang makilala natin ang ibat ibang wika…

> Tagatalakay 3: Sa tulong ng midya, nakikilala ko ang mga wika dito sa Rehiyon 6. Halimbawa sa Aklan, "eon" ang ginagamit, samantalang sa Capiz ay "lon" kapag ang pangungusap ay "wala lon". Sa Antique, ang "l" ay pinapalitan ng "r" at nagiging "wara ron",

> kasabay ng matigas na pagkakabigkas nito. Bawat wika ay nagkakaiba sa pagbaybay, pagbigkas at maging sa tono ng mga ito.

Sumang-ayon ito sa pag-aaral nina Taduran 2022, na ang paggamit ng wika, pagtingin at pagkilala ng mga mga-aaral na ang wika ang siyang matibay na bigkis sa pagkakakilanlan ng sinoman. Ito ay nakatatak na sa kaniyang pagkatao mula pagsilang hanggang sa kamatayan. Ang wika ay nakikilala mula sa mga etnisidad na kinabibilangan. Ang pagpapahalagang buhayin ang wikang Bikolano ay ninais ng mananaliksik at mga kalahok sa pag-aaral na ito upang makilala nang lubusan ng susunod na henerasyon ang wikang Bikolano at malaki ang pagsuporta ng mga mag-aaral sa Mother Tongue at sa kanilang kultura.

Idagdag pa ang isinagawang pag-aaral nina Lacey Wade, Gareth Roberts (2020), na Linguistic Convergence to Observed Versus Expected Behavior in an Alien-Language Map Task, ay napahalagahan ang ginagawang pagshift ng bawat indibidual sa wikang kanilang gagamitin upang makatagpo o makakomunikasyon sa kausap. Ang pagtatagpo ng wika ayon sa kanila ay hindi lamang pagmamasid kung paano ginagamit ang wika kundi pagtingin sa gawi o kilos na ipakikita ng kausap mula sa panlipunang impormasyon, Ganunpaman, ito ay mananatiling hindi sigurado sa interaksiyon lalo na kapag nagkaroon ng kontradiksiyon sa isa't isa. Ang ginamit nila sa pag-aaral na ito ay ang eksperimentong mapang kooperatib upang makatulong sa pagtuklas ng pagtatagpo ng wika.

*Kakayahan sa Wika ng mga Mag-aaral*
*Sa Kolehiyo sa Rehiyon 6*

Ang mga datos sa Talahanayan 3 ay nagpapakita na ang kakayahan sa wika ng mga mag-aaral sa Unang Taon ay "mataas" at may (M=20.17, SD=9.74055).

Talahanayan 3

Mean at Standard Deviation ng Kakayahan sa Wika

| Baryabol | Mean | Deskripsyon | SD |
|---|---|---|---|
| Kakayahan sa Wika | 20.17 | Mataas | 9.74055 |

| *Iskala* | *Deskripsiyon* |
|---|---|
| 24.01-30.00 | Napakataas |
| 18.01-24.00 | Mataas |
| 12.01-18.00 | Katamtaman |
| 6.01-12.00 | Mababa |
| 0.00-6.00 | Napakababa |

Nangangahulugan ito na ang mga mag-aaral sa unang taon ng kolehiyo sa rehiyon 6 ay may "mataas" na kakayahan sa wika. Nakikitang mataas ang antas ng kakayahan ng mga kalahok ayon sa mean na 20.17. Ipinahihiwatig ng datos, bilang isang pangkat na sa kabuoan, mataas ang antas ng kakayahan ng kalahok. Datapwat ang SD na 9.74 ay nagpapahiwatig na ang mga kalahok ay may magkakaibang antas ng kakayahan o maituturing na homogenous na pangkat. Ang SD na 9.74 ay nagpapahiwatig na mayroong extreme scores na makikita sa mga datos. Ito ay hindi

nakapagtataka sapagkat likas sa mga tao ang tinatawag na magkakaibang kakayahan. Nakapagsalin sila nang maayos sa mga talatang inihanda ng mananaliksik at nakaunawa sa mga salitang ito. Mababasa mula sa idea ng mga Tagatalakay sa Focus Group Discussion ang mga sumusunod na pahayag:

> Tagatalakay 9: Ang kakayahan ay nasusukat batay sa kasanayan ng isang tao sa pag-unawa ng wika at maging sa pagpaparating ng mensahenang wasto sa pamamagitan ng pagbuo ng pangungusap...

> Tagatalakay 2: Sa sitwasyong ito, mahirap magkaunawaan ang mga tao na may iba't ibang wika dahil hindi batid ng karamihan ang eksaktong kahulugan, gamit at konteksto ng mga salita na nagreresulta sa hindi pagkakaunawan. Sa puntong ito, hindi maayos ang komunikasyon.Subalit kung ang tao naman ay lantad sa midya o napag-aralan ang mga wika, tiyak na magkakaunawaan naman…

Masasangguni ito sa pag-aaral na isinagawa ni Galdonez D.(2021), na tumukoy sa masusing pagsasalin ng mga mag-aaral sa iba’t ibang artikulo. Ang mga teorya at konsepto ni Newmark ay ginamit sa pagsusuri ng pamamaraang napapaloob sa mga isinagawang pagsasalin. Binigyang-diin ng mananaliksik ang paghahasa sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pamamaraan ng kanilang pagsasalin upang umunlad ang kasanayan at balikan ang bahagi ng kurikulum sa Filipino na may paksang pagsasalin dahil hindi sapat ang inilaang oras para mapayabong ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsasalin.

Sumang-ayon din ito sa pag-aaral ni Buban R.(2014), nakuha sa na ang pagsasalin ay isang mahirap na tulay sa pagitan ng mga kultura gamit ang magkaibang wika. Pinangatwiranan niyang ang kakayahang ito sa wika gamit ang pagsasalin ay pagpapahalaga sa konteksto ng isinasaling wika gamit ang tono, himig kasama ang katotohanang kultural nito na mananatili.

*Kakayahan sa wika sa Pagitan nga mga Antas ng Pagtatagpo ng Wika ng mga Mag-aaral*

Ang datos na ipinakita sa talahanayan 4 ay ang resulta ng “Walang Makabuluhang” pagkakaiba sa kakayahan sa wika sa pagitan nga mga antas ng pagtatagpo ng wika ng mga mag-aaral sa unang taon sa kolehiyo ng Rehiyon 6, Between Groups (SS 409.36, df 4, MS 102.34, F $1.080^{ns}$ Sig. 0.366) gayundin, within Groups SS 37447.08 df 395 MS 94.80).

Talahanayan 4

Analysis of Variance of Kakayahan sa Wika sa Pagitan ng Mga Antas ng Pagtatagpo ng Wika

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 150- 173

| Source of Variation | SS | df | MS | F | Sig. |
|---|---|---|---|---|---|
| Between Groups | 409.36 | 4 | 102.34 | $1.080^{ns}$ | 0.366 |
| Within Groups | 37447.08 | 395 | 94.80 | | |
| Total | 37856.44 | 399 | | | |

* p<0.05 makabuluhan sa antas na 5% ng alpa
ns p>0.05 hindi makabuluhan sa antas na 5% ng alpa

Nangangahulugan ito na may pagkakaiba man sa kakayahan sa wika sa pagitan ng mga antas ng pagtatagpo ng wika ng mga mag-aaral sa unang taon ng kolehiyo sa rehiyon 6 ay "wala itong makabuluhang ugnayan" sa kakayahan sa pagtatagpo ng wika ng bawat mag-aaral. Marahil hindi man nahikayat ang iba na alamin ang diyalekto ay nabatid nila na napakarami pang salita ang nararapat nilang pag-aralan na may kinalaman sa kultura at lokasyon. Ang ibang mga mag-aaral ay pihadong nakikinig sa mga radyong ang ginagamit na wika ay katutubo o di kaya ay madalas nakikipag-ugnayan ang mga mag-aaral sa mga kaibigan sa karatig probinsiya. Marahil ay nasanay na rin sila sa mga nakasalamuhang iba't ibang tao sa rehiyon 6 na nakasama sa seminar, forum, FGD, pananaliksik at iba pang anyo ng talakayan. Ang mga ito ay walang ugnayan o kinalaman sa dalas o bihirang pakikipagtagpo gamit ang wika.

Gayundin, ang napakataas, mataas o mababang antas ay "walang makabuluhang ugnayan" sa kakayahan sa wika sa pagitan ng mga antas ng pagtatagpo ng wika. Hindi man nila masyadong nagamit ang ilang salita o nakilala kung saan ito napabibilang na probinsiya ay mahihinuha nila sa bandang huli at maaalala ang pinagmulan nitong lugar at kultura. Walang nakitang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kakayahan sa wika sa pagitan ng pagtatagpo ng wika. Ito ay sa kadahilanang ang mga wikang nagtagpo sa pag-aaral na ito bagamat may kakanyahan ay pawang bahagi ng iisang pamilya ng wika na siyang nagbubuklod sa rehiyon bilang isang pangkat linggwistiko. Naipaliliwanag ito nang kakayahan ng mga kabilang sa isang pangkat ng wika na unawain ang mga nasa kabilang pangkat. Ang mga taga Iloilo halimbawa ay madaling nauunawaan sa ibang bahagi ng rehiyon. Dahil ito sa mga katangian ng wika nila na matatagpuan din sa mga wika sa Capiz, Aklan, Antique, Guimaras at Negros.

Matutunghayan mula sa kasagutan at pananaw ng mga kalahok sa Focus Group Discussion ang mga sumusunod na paliwanag:

> Tagatalakay 6: Masasabi nating may impluwensya rin dito ang kasaysayan, kultura at panitikan ng bawat lalawigan. Sapagkat sa mga nabaggit ay hindi maihihiwalay ang wika, dito nakaugat ang pagkakaiba-iba ng mga wikain. Marapat rin na maunawaan ang mga teorya at nangangailangan ng ibayong pananaliksik katulad nito.

> Tagatalakay 6: May mahalagang kaugnayan. Una, dapat kilalanin natin ang iba't ibang wika dito sa rehiyon natin para mapaunlad at matutukan natin ang ating kakayahan.

International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 4 Issue 2 | 2023
ISSN: 2799 - 1091
Page No. 150- 173

Sumang-ayon ito sa pag-aaral na ginawa ni Khan, 2020 na kung saan ay ipinahayag niya ang sikat na pananalita ni Nelson Mandela, “If you talk to a man in a language he understands, that goes to his head. If you talk to him in his mother tongue, that goes to his heart.” ipinarating sa pag-aaral na ito na sa tuwing ang bawat mag-aaral ay nakikipagtalastasan maging ito man ay pasalita, pasulat o sa pamamagitan ng kilos ay nakakaimpluwensya ito sa pag-iisip, pagkatao at pagkakakilanlan ng isa’t isa. Bunga ng pag-aaral na ito ay ang pagkaalam na mas marami ang mga gurong lalaki ang naniniwala na ang kultural na identidad sa pagsasalita at pagbabasa ay umiiral.

*Kakayahan sa Wika sa Pagitan ng Mga Antas ng Pagkakakilanlan ng Wika*

Ang datos ay ipinakita sa Talahanayan 5 ang resulta ng kakayahan sa wika sa pagitan ng mga antas ng pagkakakilanlan ng wika, Between Groups SS 285.9, df 4, MS 71.478, F $0.751^{ns,}$ Sig. 0.557, gayundin ang Within Groups SS 37570.53, df 395, MS 95.115).

Talahnayan 5

Analysis of Variance of Kakayahan sa Wika sa Pagitan ng Mga Antas ng Pagkakakilanlan ng Wika

| Source of Variation | SS | df | MS | F | Sig. |
|---|---|---|---|---|---|
| Between Groups | 285.91 | 4 | 71.478 | $0.751^{ns}$ | 0.557 |
| Within Groups | 37570.53 | 395 | 95.115 | | |
| Total | 37856.44 | 399 | | | |

* p<0.05 makabuluhan sa antas na 5% ng alpa
ns p>0.05 hindi makabuluhan sa antas na 5% ng alpa

Ipinapakita ng datos na walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kakayahan sa wika sa pagitan ng mga pagkakakilanlan sa wika. Ito ay sa kadahilanang ang kakayahan sa paggamit ng wika ay likas sa tao. Hindi naiimpluwensyahan ng antas ng pagkakakilan sa wika ang antas ng kakayahan sa wika. Ito ay dahil na rin sa katotohanang ang kakayahang pangwika ay likas sa tao. Lahat ay nabiyaan ng kakayahang gumamit ng wika.

Nangangahulugan ito na may pagkakaiba man sa kakayahan sa wika sa pagitan ng mga antas ng pagkakakilanlan ng wika ng mga mag-aaral sa rehiyon 6 ay wala itong makabuluhang kaugnayan sa kakayahan sa pagkakakilanlan ng wika ng bawat mag-aaral. Marahil ay mas mabuti kung mayroong pamplet o handbook ng mga lenggwahe na kababasahan ng mga salita ng bawat probinsiya upang magamit rin sa pagtuturo ng guro sa wika nang sa gayon ay mabilis na magkaunawaan para sa kaunlaran at pagkakaisa ng ating rehiyon mapanegosyo man o sa pakikipagtalastasan. Katulad ng mga salitang Filipino na “lupa”, subalit sa Aklan ito ay binabaybay na “eugta”, samantalang sa Hiligaynon ay “duta”. Makilala ang kaibahan sa baybay at tunog ng mga ito. Ang lingguhan o buwanang learning session o Summer Camp tungkol sa wika ay makatutulong para sa pagpapataas ng kamalayan at antas ng

kakayahan sa wika. Mababasa mula sa pananaw ng mga kalahok sa Focus Group Discussion ang mga suusunod na pahayag:

> Tagatalakay 2: Sa FGD na ito, nabatid ko ang lawak ng gap pagdating sa antas ng pagkakaunawaam dahil sa pagkakaiba ng wika sa isang rehiyon. Tingin ko, mahalagang magkaroon ng accessible na e-library nang sa gayon ay may platform ang mga mag-aaral sa pagkatuto ng mga wika dito sa Rehiyon 6. Ang lingguhang learning session tungkol sa wika ay makakatulong rin para mapataas ang kamalayan at antas ng pagkakaunawaan.

Sumagot ito sa papel ni Laranjo (2017), na ang pagtatagpo ng mga wika ay nagreresulta sa pagbabago at pag-unlad sa mga tunog nito. Sa pagtatagpo rin ng mga wika lumalabas ang mga unibersal na katangian tulad ng isinaad sa Ponolohiyang Heneratibo ngunit nagreresulta din ito sa pagkakaroon ng unique o natatanging katangian ng bawat wika. Nailalarawan ang mga natatanging katangiang ito ng mga wika at maaaring maipaliwanag gamit ang mga teorya sa linggwistiks. Sa pag-aaral na ito, nailapat ang teoryang Ponolohiyang Heneratibo sa klaster o kambal-katinig ng wikang Filipino na nakapagbigay ng paliwanag sa mga nauna nang inilarawang mga katangian nito.

Dagdag pa rito ang tinuran mula sa Pagkakakilanlan ng Wikang Filipino ni ziram aporador - Academia.edu (2021), na ang wika ay sumisimbulo sa bawat indibidual at konektado sa ating pagkatao. Ang mga wika sa bawat panahon ay mauunawaan ng bawat isa sa pagtakbo ng oras, magbago man ang bawat katawagan na iniimbento ng mga kabataan katulad ng G-word, S-word,jejemon, sputnik word, gay language at iba pa ay nariyan pa rin ang koneksyon at patuloy na pag-unlad ng wikang Filipino.

*Kaugnayan sa Pagtatagpo,*
*Pagkakakilanlan at Kakayahan sa Wika*

Ang datos na ipinakita sa Talahanayan 6 ay ang resulta ng "May Makabuluhang ugnayan" ng pagtatagpo, pagkakakilanlan at kakayahan sa wika ng mga mag-aaral sa kolehiyo ng Rehiyon 6, pagtatagpo at pagkakakilanlan ng Wika r,(-).114*, Sig 0.022, Pagtatagpo at Kakayahan sa Wika r,(-)073$^{ns}$ , Sig 0.146, Pagkakakilanlan at Kakayahan sa Wika r,.052$^{ns}$ Sig 0.296).

Talahanayan 6

Pearson r sa Pagitan ng Pagtatagpo, Pagkakakilanlan at Kakayahan sa Wika

| Baryabol | r | Sig |
|---|---|---|

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 150- 173

| | | |
|---|---|---|
| Pagtatagpo at Pagkakakilanlan ng Wika | (-).114* | 0.022 |
| Pagtatagpo at Kakayahan sa Wika | (-)073$^{ns}$ | 0.146 |
| Pagkakakilanlan at Kakayahan sa Wika | .052$^{ns}$ | 0.296 |

* $p<0.05$ makabuluhan sa antas na 5% ng alpa
ns $p>0.05$ hindi makabuluhan sa antas na 5% ng alpa

Nangangahulugan ito na “May makabuluhang ugnayan” sa pagitan ng pagtatagpo ng wika at pagkakakilanlan ng wika. Ngunit ang uri ng ugnayan ay negatibo. Nangangahulugan ito na habang tumataas ang antas ng pagtatagpo ng mga wika, bumababa naman ang antas ng pagkakakilanlan ng wika. Iyan ay sapagkat, habang nagtatagpo ang mga wika sa rehiyon 6, napagtatanto ng mga gumagamit ng mga wika ang kanilang kaugnayan sa isa't-isa. May bahagi ng wikang Ilonggo na makikita sa Karay-a, Capiznon, Aklanon, atbp. Kng kaya napagtitibay sa kamalayan ng mga gumagamit na sila ay napabibilang sa isang malaking pamilya ng wika.

Malalaman mula sa mga palagay ng mga Tagatalakay ang suusunod:

> Tagatalakay 4: Pagdating sa antas, mayroong kahirapan. Batid natin na kapag pinagsama ang mga tao mula sa iba't ibang lalawigan sa Kanlurang Visayas na may taglay na iba't ibang wika..

> Tagatalakay 3: Mayrong pagkakaiba sa wika sa rehiyon natin. Napakalaki ng posibilidad na hindi nagkakaunawaanang mga gumagamit nito lalo na kung hindi natin alam ang mga salitang kanilang ginamit..

Nagtugma ito sa isinulat ni Liwanag L. (2021), na mahalaga ang linguistic convergence, kahulugan at uri ng barayti ng wika, ang ugnayan ng pinanggalingang lugar ng tagapagsalita sa tatlong dimensiyon na espasyo, panahon at katayuang sosyal. Binanggit din ang interaksiyon ng mga tao, ang tendensiya ng panggagaya sa pagsasalita ng kausap upang mabigyan ng halaga ang pakikiisa, pakikisama, o pagmamalaki bilang kabilang sa grupo, gayundin ang malalim at puspusang pagsusuri ng mga salita. Ang pag-unawa ng guro at mag-aaral sa mga varayti at varyasyon ng wika ay binigyang-halaga sa pag-aaral na ito.

Sang-ayon din ito sa pag-aaral nina Ni Luh Nyoman Seri Malini,et.al. (2020), na ang migrasyon ay nakapag-aambag sa kahalagahan ng kontak ng wika at pagbabago ng wika. Ipinaliwanag nila na ang mga migrante o palipat-lipat na mamamayan bilang diaspora ay palagiang nahaharap sa pagpipili kung ang gagamiting wika ay ang unang wika, pangalawang wika, o katutubong wika sa pakikipag-interaksiyon sa ispiker o kausap sa bagong lugar o tirahan. Ang pag-aaral na ito ay makatutulong sa kasalukuyang pananaliksik sapagkat ito ay tumutukoy sa pagtatagpo ng wika at may ebidensiyang nauukol sa pakikipagkomunikasyon ng pagkakakilanlan na nakapokus sa gamit ng wika.

Talahanayan 7

*Makabuluhang Prediktor ng Kakayahan sa Wika sa Pagtatagpo ng wika at Pagkakakilanlan ng Wika*

Talahanayan 7
Regression Analysis ng Kakayahan sa Wika sa Mga Perdiktor na Pagtatagpo and Pagkakakilanlan ng Wika

| | B | Beta | t | Sig. |
|---|---|---|---|---|
| (Constant) | 18.848 | | 5.018 | 0.000 |
| Pagtatagpo ng Wika | -0.073 | -0.068 | 1.345ns | 0.179 |
| Pagkakakilanlan ng Wika | 0.071 | 0.045 | 0.886ns | 0.376 |

* $p<0.05$ makabuluhan sa 5% lebel ng alpa

ns $p>0.05$ hindi makabuluhan sa 5% lebel ng alpa

Ito ay nahahati sa unstandardized at standardized. Ang resulta sa baryabol na (constant) sa unstandardized B ay 18.848, t 5.018, sig. 0.000; pagtatagpo ng wika na -0.073, Beta -0.068, t 1.345 $^{ns}$ , Sig. 0.179, Pagkakilanlan ng Wika ay B 0.071, Beta 0.045 t 0.886$^{ns}$ Sig. 0.376 . Ipinakita sa Talahanayan 7 na ang regression analysis ng kakayahan sa wika sa mga prediktor na pagtatagpo at pagkakakilanlan ng wika ay malaya sa pagtatagpo ng wika. Ito ay sa kadahilanang ang mga kakayahang nabanggit ay kayang malinang at nalilinang sa sariling wika, ipinahihiwatig nito na hindi naiimpluwensyahan ang kakayahan sa wika ng pagtatagpo o ng pagkakakilanlan. Bunga ito ng mga kadahilanang kahit ang mga mag-aaral ay hindi umalis sa bahay o sa lugar nila ay may kakayahan sila sa wika. Sa panahon ng digital age, kahit sa bahay lang ang mga mag-aaral ay natututo sila dahil kaya nilang mag-internet gamit ang mga elektronikong gadget tulad ng cellphone, tablet, laptop, kompyuter at makabagong tv na may wifi.

> Tagatalakay 7: Ang aking mungkahi para madagdagan ang kaalaman ng tao sa mga wika ay ituro ang mga salita na hindi pa nagagamit natin sa pang-araw-araw na pakikipagtalastasan o pakikipag-usap sa ibang tao…

Nasagot ito sa pag-aaral ni Augusto Jr. (2019), na ang wika ay nabubúhay at nagkakaroon ng kahulugan dahil sa paraan ng paggamit ng táong nasa loob ng isang lipunan. Tiniyak niya sa kaniyang pag-aaral na ang pagkabuo ng mga salitang ito ay tinatawag na leksikong pangkultural. Sa pagsusuri naman sa bahagi ng pananalita sa mga salitang magkapareho sa Tagalog at Sinugbuanon, natuklasan na marami sa mga ito ang nagkakaiba ang kinabibilangan at may mga iba na pareho ng bahagi ng pananalita sa dalawang wika. Natuklasan niyang ang wika ay talagang nakabatay sa lugar kung saan ito nabubúhay at umiiral. Ang pagkakapareho ng mga salita ay palatandaan ng ugnayan ng mga wika sa Pilipinas na buhat sa iisang angkang pinagmulan nito.

Napatunayan din ito sa pag-aaral ni Abagon (2013), ang mga suliranin ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino na makatutulong rin sa mananaliksik sa paghahanda sa kakayahan sa wika ng mga taga-rehiyon 6. Ang pag-aaral ni Abagon ay nakabatay sa salik-pangguro na nakaaapekto sa mabisang pagtuturo katulad ng pagtuturo ng

asignaturang Filipino kahit hindi ito ang medyor, kakulangan nila ng estratehiya sa larangan ng pagtuturo, ng pagsulat, ng kaalaman sa istrukturang gramatikal katulad ng pagbabaybay, gamit ng iba't ibang bahagi ng pananalita at hindi lubusang paglinang sa kahusayang magamit ang wikang Filipino sa pagtuturo.

Ang ipotesis na nagsasaad na walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng pagtatagpo at pagkakakilanlan sa wika ay iwaksi. Samantala ang ipotesis na nagsasaad na walang makabuluhang ugnayan sa pagtatagpo sa wika at kakayahan sa wika ganoon din sa pagitan ng pagkakakilanlan at kakayahan sa wika ay tanggapin.

**Konklusyon**

Mula sa pagtalakay sa mga kinalabasan ng pag-aaral na ito, nabuo ang sumusunod na konklusyon:

1. Natuklasan sa pag-aaral na ang antas sa pagtatagpo ng wika ng mga mag-aaral sa Unang Taon ng Kolehiyo sa Rehiyon 6 ay "mataas". Nagpapatunay lamang ito na mataas ang pagkaunawa sa pagtatagpo ng wika ng mga mag-aaral sa rehiyon 6 sapagkat ito ang unang wika nila sa bahay. Bihasa ang halos nakararami at pamilyar ang mga salita kahit nagkakaiba sa pagbaybay at tunog, dahil dito ay magiging matagumpay ang mga susunod na sitwasyon sa pagtatagpo ng wika saanmang lugar.

2. Ipinakita sa resulta ng pag-aaral na "napakataas" ang antas sa pagkakakilanlan ng wika ng mga mag-aaral sa Unang Taon ng Kolehiyo sa Rehiyon 6. Hindi mahirap sa kanila na kilalanin ang mga wika sa iba't ibang probinsiya ng Rehiyon 6. Nakilala nila ang mga katawagan at kasingkahulugan ng mga salita sa bawat probinsya sa kadahilanang magkakalapit lamang ang mga ito at ang kultura ay halos magkakapareho rin bagaman may mga pagkakaiba sa baybay at tunog ng mga salita.

3. Lumabas sa resulta ng pag-aaral na ang kakayahan sa wika ay "mataas". Makikitang mataas ang antas ng kakayahan ng mga kalahok sa buong Kolehiyo ng Rehiyon 6. Ito ay nagpapahiwatig na ang mga kalahok ay may magkakaibang antas ng kakayahan o maituturing na homogeneous na pangkat. Ito ay hindi nakapagtataka sapagkat likas sa mga mag-aaral ang tinatawag na magkakaibang kakayahan. Madali lamang para sa mga mag-aaral sa Unang Taon ng Kolehiyo ang makilala ang mga salita at nakapagsalin mula sa wikang Filipino patungo sa sariling wika nila. Hindi suliranin sa kanila ang pag-aaral ng wika, pagtatagpo, at pagkilala ng mga ito.

4. Ipinakita rin sa pag-aaral na ang Analysis of Variance sa kakayahan sa wika sa pagitan ng mga antas ng pagtatagpo ng wika between groups ay "Walang Makabuluhang Ugnayan" sa antas na 5% ng alpa sa mga mag-aaral sa Unang Taon ng Kolehiyo sa Rehiyon 6. Magaling naman sila sa kakayahan sa wika ngunit walang makabuluhang kaugnayan sa kanilang pagtatagpo ng wika. Walang nakitang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kakayahan sa wika sa pagitan ng pagtatagpo ng wika. Ito ay sa kadahilanang ang mga wikang nagtagpo sa pag-aaral na ito bagamat may kakanyahan ay pawang bahagi ng iisang pamilya ng wika na siyang nagbubuklod sa rehiyon bilang isang pangkat linggwistiko. Naipaliliwanag ito ng kakayahan ng mga kabilang pangkat. Ang mga taga-Iloilo halimbawa ay madaling nauunawaan sa

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 150- 173

ibang bahagi ng rehiyon. Dahil ito sa mga katangian ng wika nila na matatagpuan din sa mga wika sa Capiz, Aklan, Antique, Guimaras at Negros Occidental.

5. Ipinalalabas sa resulta ng pag-aaral na ito sa Analysis of Variance sa Kakayahan sa Wika sa Pagitan ng Mga Antas ng Pagkakakilanlan ng Wika ay "walang makabuluhang ugnayan" sa antas na 5% ng alpa sa Between Groups. Ibig sabihin nito na ang ipinapakita ng datos na walang kabuluhang pagkakaiba sa antas ng kakayahan sa wika sa pagitan ng mga pagkakakilanlan ng wika ay sa kadahilanang ang kakayahan sa paggamit ng wika ay likas sa mga mag-aaral. Hindi naiimpluwensyahan ng antas ng pagkakakilanlan sa wika ang antas ng kakayahan sa wika. Ito ay dahil sa katotohanang ang kakayahang pangwika ay likas sa tao. Lahat ay nabiyayaan ng kakayahang gumamit ng wika. Sa panig naman ng Within Groups ay makabuluhan sa antas ng 5% ng alpa. Ibig sabihin ay may kahusayan sila sa kasingkahulugan ng mga salitang Hiligaynon sa rehiyon at nakapagsasalin sila ng talatang nakasulat sa Filipino patungo sa kanilang unang wika sapagkat ito ay nauunawaan nila.

6. Ipinakikita sa resulta ng Pearson r sa pagitan ng pagtatagpo, pagkakakilanlan at kakayahan sa wika na sa pagtatagpo at pagkakakilanlan ng wika ay "may makabuluhang ugnayan" sa antas na 5% ng alpa. May makabuluhang ugnayan sa pagitan ng pagtatagpo ng wika at pagkakakilanlan ng wika. Ngunit ang uri ng ugnayan ay negatibo. Nangangahulugan ito na habang tumataas ang antas ng pagtatagpo ng mga wika, bumababa naman ang antas ng pagkakakilanlan ng wika. Iyan ay sapagkat, habang nagtatagpo ang mga wika sa rehiyon 6, napagtatanto ng mga gumagamit ng mga wika ang kanilang kaugnayan sa isa't-isa. May bahagi ng wikang Ilonggo na makikita sa Karay-a, Capiznon, Aklanon, atbp. Kng kaya napagtitibay sa kamalayan ng mga gumagamit na sila ay napabibilang sa isang malaking pamilya ng wika.

7. Samantala sa panig naman ng pagkakakilanlan at kakayahan sa wika ay "Walang Makabuluhang Prediktor" sa antas na 5% ng alpa. Ibig sabihin nito maging magaling man o mahusay ang pang-unawa nila sa pagbibigay ng kasingkahulugan o pagsasalin ay walang kaugnayan sa pag-aaral nila sa wika. Lumabas sa resulta ng pag-aaral sa regression analysis ng pagtatagpo ng wika at pagkakakilanlan ng wika na may mga salik na makatutulong sa pagtukoy sa kakayahan sa wika ng isang indibidual sa larangan ng pagtatagpo ng wika at pagkakakilanlan ng wika katulad ng demograpikong lokasyon, karanasan, kultura at malayang pagtatagpo ng wika na nalilinang.

## Rekomendasyon

Batay sa kinalabasan at konklusyon na nabuo, iminumungkahi ang sumusunod na rekomendasyon:

1. Ang antas sa pagtatagpo ng wika ng mga mag-aaral sa kolehiyo ng Rehiyon 6 ay "mataas".

Iminumungkahi sa mga mag-aaral na palawakin pa ang pag-aaral sa mga wikain at gamitin ito nang sa gayon ay makatulong mga susunod na pagtatagpo para sa mas mabilisang daloy ng komunikasyon,pang-unawa, makadaragdag sa

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 150- 173

bokabularyo at mapaunlad ang karanasan tungo sa pagsasaliksik ng iba pang wika, at pagsulat ng literatura.

Para sa mga guro, maaaring ituro ang mga wikang nagmumula sa rehiyon 6. Maibibigay ang wastong kahulugan, baybay ng mga salita sa mga mag-aaral at paghikayat sa kanila na magtala ng mga iba pang salita na maririnig mula sa pagtatagpo at mararanasang sitwasyon. Ipasuri sa mga mag-aaral ang mga salitang naitala at palagyan ng kahulugan, ipasulat ang tamang baybay nang sa gayon ay madagdagan ang bokabularyo na magagamit sa pag-aaral ng wika.

Para sa mga mananaliksik, iminumungkahi na magsagawa ng pag-aaral kagaya nito. Lalo pang palawakin ang kaalaman sa mga ganitong pag-aaral upang makatulong sa paglaganap at pagpapaunlad ng wika.

2. Ang antas sa pagkakakilanlan ng wika ng mga mag-aaral sa kolehiyo ng Rehiyon ay “napakataas”.

Para sa mga mag-aaral, iminumungkahi na ipagpatuloy ang pagkilala sa mga wikain sa rehiyon 6 sa pamamagitan ng malayang pakikilahok sa mga talakayan, seminar, forum at iba pang gawaing pangwika na sangkot ang wikang pangrehiyon. Huwag mag-atubili na ipakilala ang sariling wika sa iba upang mapanatili itong buhay at mapahalagahan sa tuwina. Palagiang magbasa ng mga aklat na pangwika at pangliteratura nang sa gayon ay mapanatili ang pagkilala sa mga wikang ito.

Para sa mga magulang, Iminumungkahi na tutukan at tulungan ang mga anak sa pagpapakilala ng wikang kinagisnan lalo na at karamihan ay nakatutok sa gawing panteknolohiya, tiyakin pa rin na sa loob ng tahanan ay gagamit ang mga anak ng wikang Visaya nang sa gayon ay maipagpatuloy ang pamana ng ating lahi.

3. Ang antas sa kakayahan sa wika ng mga mag-aaral sa Unang Taon sa kolehiyo ng Rehiyon 6 ay “mataas”

Para sa mga mag-aaral, iminumungkahi sa kanila na lalo pang paunlarin ang kakayahan sa pagtatagpo ng wika at pagkakakilanlan ng wika. Subukang magsalin pa ng mga akdang pampanitikan at papel pangwika sa inyong unang wika nang sa gayon ay lalong maging pamilyar at mahasa sa paggamit nito ng hindi nauutal anoman ang gagamiting wika sa sitwasyong mararanasan.

Para sa Pamunuan ng DepEd, Iminumungkahi naman na magsagawa ng programa na magpapaunlad sa kakayahan ng mga guro at mga mag-aaral sa pagkilala ng wika sa tuwing may mangyayaring pagtatagpo ng wika sa loob at labas ng rehiyon 6. Maglalaan sila ng sapat na pondo sa isasagawang taunang Summer Camp patungkol sa pagsasabuo ng glosaryo, diksyunaryo, o e-library access sa mga wika ng rehiyon 6.

Para sa mga guro, Iminumungkahi na pag-ibayuhin ang kakayahan at kasanayan sa pagtuturo gamit ang wika nang sa pagtatagpong mangyayari sa hinaharap kasama ang mga kapuwa guro o mag-aaral ay makilala kaagad nila ang wastong gamit ng salita. Pipili sila ng angkop na estratehiya na magagamit sa pagtuturo ukol sa wika ng rehiyon 6 upang magkaroon ng kawilihan ang mga mag-aaral sa wika, sa kasingkahulugan nito at sa pagsasalin ng aklat, pelikula, awit at iba pang anyo ng gawaing pampanitikan o pangwika.

4. Ang resulta sa pagkakaiba sa kakayahan sa wika sa pagitan nga mga antas ng pagtatagpo ng wika ng mga mag-aaral sa Unang taon sa kolehiyo ng Rehiyon 6 ay “Walang Makabuluhang Ugnayan”.

Para sa mga mag-aaral, iminumungkahi sa kanila na magbasa ng iba’t ibang magasin, pamplet, at aklat na nakasulat sa iba’t ibang wika mula rehiyon 6. Ugaliing makinig ng mga balita sa mga radyong panglokal nang sa gayon ay lubos na malinang ang kakayahan nila sa pagkatuto ng mga wika sa rehiyon.

Para sa mga guro, iminumungkahi sa kanila na maghanda ng mga makabuluhang gawain na may kinalaman sa pagtuturo ng pagtatagpo at kakayahan sa wika. Pasulatin at ipasalin sa mga mag-aaral ang mga pangrehiyong balita, talasalitaan, talata at iba pang komposisyon. Hikayatin din silang sumali sa mga paligsahan na magpapataas sa pagtatagpo, pagkilala at kakayahan ng mga mag-aaral.

5. Ang resulta sa pagkakaiba ng kakayahan sa wika sa pagitan nga mga antas ng pagkakakakilanlan ng wika ng mga mag-aaral sa Unang taon sa kolehiyo ng Rehiyon 6 ay “walang makabuluhang pagkakaiba”.

Para sa mga mag-aaral, iminumungkahi sa kanila na pataasin pang lalo ang kamalayan sa pagpapatibay sa kahalagahan ng paggamit ng sariling wika nang sa gayon ay magkaunawaan sa iisang layunin at mahubog ang kamalayan sa pagiging kabilang sa pangkat-etniko at bilang artifact ng pagkakakilanlan.

Para sa Pamunuan ng DepEd, iminumungkahi sa kanila na ipadala ang mga guro sa seminar, komperensiya, pananaliksik at iba pang gawaing pangwika upang ang mga guro ay matuto, lumawak pang lalo ang kaalaman sa wika, kultura at karanasan.

6. Resulta sa ugnayan ng pagtatagpo, pagkakakilanlan at kakayahan sa wika ng mga mag-aaral ng Unang Taon sa kolehiyo ng Rehiyon 6 ay “ may makabuluhang kaugnayan”.

Para sa mga mag-aaral, iminumungkahi sa kanila na pag-ibayuhin ang pag-aaral ng mga wikaing nasa rehiyon. Kilalanin ang bawat salita at buhayin ito sa pamamagitan ng paggamit.

7. Ang resulta sa prediktor ng kakayahan sa wika sa pagtatagpo ng wika at pagkakakilanlan ng wika ng mga mag-aaral sa Unang Taon ng kolehiyo sa Rehiyon 6 ay “Walang makabuluhang prediktor”.

**Sanggunian**

Abellera, J. (2016). Kasaysayan ng Lingguwitiska sa Daigdig.https://www.academia.edu/40370388/Kasaysayan University

Agdeppa at Barrot (2018). Language, Identity, and Intelligibility: An Analysis of Filipino EFL Teachers' Perspectives"

Alcaraz, Cid V. et al. (2005). Komunikasyon sa Akademikong Filipino. Lorimar Publishing House, Inc. Metro Manila.

Alviz, A. (2019). The Language Proficiency and Process Skills of Filipino High School Teachers. In: Education Quarterly Reviews, Vol. 2, No. 3, 615-628. Nakuha noong ika-3 ng Marso, 2020 mula sa

Ang Klaster o Kambal-Katinig sa Wikang Filipino: Kasaysayan, Estruktura ng Silabol at mga Prinsipyo | Laranjo | Daluyan: Journal ng Wikang Filipino (upd.edu.ph)

Araneta, J. P. (2017). Karaniwang Pagkakamali sa Wastong Gamit ng mga Salita: Isang Pagsusuring Pambalarila. Nakuha noong ika-3 ng Pebrero, 2020 mula sahttps://prezi.com/yg2du0ru5sht/karaniwang-pagkakamali-sa-wastong-gamit-ng-mga-salita-isang/

Arbasto, M.L., et. al.,(2022). Introduksiyon sa Pananaliksik sa Wika at Panitikan. Mindshapers Co.,Inc. Intramuros, Manila.

Arceo, Mark Angelo R., Cruz, (2013).Carissa H, Ragil, Sandra P., et al.

Ariaso, R.N. , et. al, (2021). Panimulang Lingguwistika (Pandalubhasaan) Mindshapers Co., Inc. Intramuros, Manila.

Arma, R.R. (2022). (PDF) Pagtatagpo ng Wikang Masbatenyo atTagalog(researchgate.net)ArtikelIJSSHLanguageandSocialIdentityLanguage ChoiceandLanguage.pdf

Augusto Jr., William S. (2019). Leksikong Kultural ng Tagalog at Sinugbuanon: Isang Analisis. Cebu Normal

Badayog, L. Q. (2016). Kasanayan sa Pambalarila, Panretorika at Pangkomunikasyon sa Filipino ng mga mag-aaral sa Grado 10, Di-nalathalang Tesis sa Master ng Sining ng Pagtuturo sa Filipino, Filamer Christian University, Lungsod ng Roxas.

Bernales, C. E., & Antonio, R. M. (2018). Proficiency in English as a Foreign Language and Its Correlates among Filipino College Students. International Journal of English Linguistics, 8(4), 28-42.

Bisalog (2019). Wikipedia. Nakuha mula sa *https://duhoc.cn/wiki/tl/Bisalog*BSRC_When_Families_Speak_TAG.indd (beststart.org)

Buban, R. S. (2014) Ang Pagsasaling Teknikal: Pagsipat sa Praktika at Pagpapahalaga / Technical Translation: Revisiting the Practice and Essentials

Buque, Cynthia S. (2019) Kakayahan sa Pangangatwiran, Istilo ng Pag-iisip at Kakayahang Pakikipagkomunikasyon sa Filipino ng mga Mag-aaral sa Grado 7.

Caldeo, Kristine C. (2016) *Kasanayang Pangkomunikasyon sa Hiligaynon, Filipino at Ingles ng mga Mag-aaral sa Ikatlong Baiting*.

Castro, Jim Victor (2017). *Valenzuela emerges as a top manufacturing hub in the PHL. Business Mirror* Contact and Language Convergence (researchgate.net)

Cook, G. (2010). Applied Linguistics, Oxford Introduction to Language Study, Oxford University Press, UK

Coronel, J.M. G. (2019). Mga Suliraning Nararanasan at Akmang Pagsasanay parasa mga Gurong Hindi Nagpapakadalubhasa sa Asignaturang Filipino. (Di-Nalathalang Tesis, Bulacan State University).

Cruz Demeterio III, R. et. Al. (2012). Sistematikong Multilingguwalismo: Lunsaran ng Mas Matatag na Wikang Pambansa. De La Salle University.

De Guzman, M. S. (2015). Mother Tongue-Based Multilingual Education in the Philippines: Studying Top-down Policy Implementation from the Bottom Up. International Journal of Multilingualism, 12(4), 436-452.

Dixon at Dougherty (2014), “A Language Convergence/Meaning Divergence Analysis Exploring How LGBTQ and Single Employees Manage Traditional Family Expectations in the Workplace”

Dweik, B., & Al-Obaidi, T. (2014). Language contact, use and attitudes among the ChaldoAssyrians of Baghdad, Iraq: A sociolinguistic study. Journal of Advances in Linguistics, 3(3), 219-231.

Evans, J. et al. (2016), "Neural Correlates of Second-Language Word Learning: Minimal Instruction"

Galdonez, D. G. Kakayahan Sa Pagsasalin Ng Mga Mag-aaral:Pagsusuri At Pagtatangi filipino Unit, Philippine Science High School-Ilocos Region Campus, 2728 San Ildefonso, Ilocos Sur

Gallego, K. (2022) The Stratigraphy of a Community: 150 Years of Language Contact and Change in Babuyan Claro, Philippines

Giles, Howard, Gasiorek, Jessica and Dragojevic, Marko (2015). Accomodative Strategies as Core of the Theory. The International Encyclopedia of Interpersonal Communication

Gómez, E. T. (2016). Language Proficiency and Academic Performance: A Study of ESL Learners in a University Setting. Language and Linguistics Compass, 10(8), 375-391.

Gonzales, W. (2017),“Language Contact in the Philippines the History and Ecology from a Chinese Filipino Perspective”

Graduate Thesis Or Dissertation | Phonetic Convergence and Dialect Change In Nanjing, China | ID: fb494942v | CU Scholar(colorado.edu)CiteableURL: https://scholar.colorado.edu/concern/graduate_thesis_or_dissertations/fb49494v

http/prezi.com/yg3iodzx s:/ ic3q/mga-suliranin-sa-pagtuturo-ng-pagbabaybay-sa-wikang-filipino-sa-sekondaryang-paaralan/Retrived (May 2, 2019)

http://varsitarian.net/filipino/guryon//filipino_at ingles_ano_ang higit na mainam_pagtuturo 01-12-2016

https.wwwLitematiks.blogspot.com. (2010)

https: www.siningngfilipino.blogspot.com.12/12/2016

https://ejournals.ph/article.php?id=10672 Retrived (April 16, 2019)

https://howtowrite.customwritings.com. (2019)

*https://tl.wikipedia.org/wiki/Mga_wikang_Bisaya*

https://www.academia.edu>com. (2018)

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 150- 173

https://www.researchgate.net/publication/299133330_Communication_Accommodation_Theory

https://www.researchgate.net/publication/363106264_-Gamit at_Pananaw_ng_mga_mag-aaral_ng_PSHS-BRC_sa_mga_wika_ng_rehiyong_Bikol [accessed May 15 2023].

https://www.scribd.com/doc/99800732/Kasanayan-Sa-Pagsasalita-Ng-Mga Retrived (May 3, 2019)

https://www.slideshare.net/dawnah/angkan-ng-wika nakuha noong Disyembre 20, 2022.

Jocson, Magdalen O. et al. *Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino*. 2016

Kapag ang mga Bata ay Nagsasalita Ng Higit sa Isang Wika. Best Start Resource Centre *Nakuha mula sa* https://resources.beststart.org/wpcontent/uploads/2019/01/K51-TG.pdf

Language Convergence in Gostivar Turkish (Macedonia) - ProQuest Convergence And Divergence Of Communication Definition Example - PHDessay.com

Language, Identity and Intelligibility: An Analysis of Filipino EFL Tteachers'Perspectives

Language, Identity, and Education Yasemin Yildiz (2020)

Linguistic Convergence to Observed Versus Expected Behavior in an Alien-Language Map Task - Wade - 2020 - Cognitive Science - Wiley Online Library

Lozada, Analyn C. (2018) *Kasanayan sa Paggamit ng Wikang Filipino at Ingles sa Pagsasalita at Pagsusulat ng mga Sardo sa Grado 8.*

Mga wikang Bisaya (2021). Wikipedia Nakuha mula sa https://tl.wikipedia.org/wiki/Mga_wikang_Bisaya
Mga wikang Bisaya (2021). Wikipedias

Morales, P.Z et. al.(2020), The Problems and Possibilities of Interest Convergence in a Dual Language School, in Dual Language education in the U.S. Routledge, New York, NY, pp. 85-96.

Mordeno, Y.M. (2021) Bisayanization: Isang sosyo-kultural na kalakaran dulot nito sa Wikang Butuanon. Philippine Science High School-Caraga Region Campus.

Panganiban, M. (2020). Mga Suliranin ng mga Guro sa Pagtuturo ng Filipino: MgaPosibleng Solusyon sa Bawat Suliranin. Nakuha noon ika-25 ng Pebrero, 2020 mula sa https://www.academia.edu/40365087/

Petrov, et al. (2023), Language Convergence: Problems and Solutions

Philippine EJournals| Si Crazy Mary sa Filipino: Pagtatagpo ng mga Wika at Konteksto

PIA - Buwan ng Wika 2022: Filipino at mga Katutubong Wika: Kasangkapan sa Pagtuklas at Paglikhâ DepEd, magbibigay-pugay sa mga Wikang Katutubo sa Buwan ng Wika 2021 | Department of Education deped calls for preservation of llinguistic diversity in international moher day langugae day - Search (bing.com)

Re-exploring Language development and identity construction of Hui nationality in China: a sociosemiotic perspective (degruyter.com)

Rosero, M.W.I (Rev. 2021). *A Grammatical Sketch of Masbatenyo*. University of the Philippines. Diliman, Quezon City Nakuha mula sa *https://www.academia.edu/7429425/A_Grammatical_Sketch_of_Masbatenyo*

Santiago, Ana May B.(2013) Antas ng Kasanayan sa Wikang Filipino at Ingles ng mga Mag-aaral sa Sekondarya

Santos, R. M. (2017). Regional Differences in Language Proficiency: Evidence from the Philippines. Journal of Multilingual and Multicultural Development, 38(4), 321-335.

Sedlacek, Q. (2023), "Stealing from the Language": Interest Convergence and Teachers' Advocacy for Language-Inclusive Practices

Taduran, et. al., (2022) Gamit at Pananaw ng mga mag- aaral ng PSHS-BRC sa mga wika ng rehiyong Bikol

Talegon, Vivencio M. Jr, Anastacio, Teresita M., de Leon, Richard.(2016). Daloy ng Wika :Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Plipino Brilliant Creations Publishing, Inc.

Theses and Dissertations - Sociolinguistics - LibGuides at De La Salle University (dlsu.edu.ph)ED593525.pdf Language contact in the Philippines The history

and ecology from a Chinese Filipino perspective Wilkinson Daniel Wong Gonzales National University of Singapore

Villa, Annie L. (2016) Kasanayan sa Hiligaynon at Filipino ng mga Mag-aaral sa Pampribado at Pampublikong Paaralang Primarya

Wagas, Neil Edwin R. (2017). Most Popular Cebuano Expressions You Need to Know. Wagas Chronicle: Online Magazine and Publication. Nakuha mula sa http://wagaschronicle.blogspot.com/2017/11/most-popular

Warwick,J.M.(2020).Linguistics,https://linguistics.ucdavis.edu/undergraduate/what-linguistics,Department of Linguistics, University of California,Davis,CA95616

Yang X. , Li W. (2020),Re-exploring Language development and identity construction of Hui nationality in China: a sociosemiotic perspective,